11

# Islam VS Rasismo



Tagalog

Sa kabila ng malaking pag-unlad sa mundo ng teknolohiya at kultura sa ikadalawampu't isang siglo, at sa kabila ng paglaganap ng mga organisasyon sa karapatang pantao sa lahat ng dako, ang rasismo ay nananatili pa rin sa mga pinakatanyag na mga bansa sa mundo.

At ang Islam ay kinalaban ang rasismo sa lahat ng anyo nito:

Ang pinakapundasyon ng ugnayan sa pagitan ng mga tao sa Islam ay ang pagkilala sa bawat isa at pakikipagtulungan; kaya kahit na magkakaiba ang kanilang mga kulay, wika at lugar, ang prinsipyo ng pagkakilala at pagtutulungan ay ang pundasyon ng ugnayan sa pagitan nila.

Sinabi ng Allah sa Qur'an: (O sangkatauhan! Katiyakang nilikha Namin kayo mula sa isang ama lamang na ito ay si Adam, at sa isang ina lamang na ito ay si Hawwa`, na kung kaya, walang pagtatangi-tangi sa pagitan ninyo sa lahi, at ginawa Namin kayo dahil sa pagpaparami ng lahi na mga sambayanan at iba´t ibang tribo, upang makilala ninyo ang isa´t isa, at dapat ninyong mabatid na ang pinakamataas sa inyo sa paningin ng Allah ay ang sinumang pinakamatakutin sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal. Katiyakan, ang Allah ay `Aleem — Ganap na Nakaaalam sa mga matatakutin sa Kanya, na Khabeer — Ganap ang Kanyang kagalingan na Nakababatid nang ganap sa kanila.) *Al-Qur´an 49:13*



Ipinagbabawal ng Islam ang paghihiwalay sa mga tao batay sa lahi, kulay o wika; at katiyakang pinagbuklod ng Islam sina Suhayb Ar-Rumiy, Salmaan Al-Farisiy, Bilal Al-Habashiy at 'Umar Al-'Arabiy.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (O sangkatauhan, katiyakang ang inyong Panginoon ay iisa, at katiyakang ang inyong ama ay iisa. Walang kahigitan ang arabo sa hindi arabo, at ang hindi arabo sa arabo, gayundin ang mapula sa maitim at ang maitim sa mapula liban sa pamamagitan ng pagkatakot sa Allah.) At sinabi ng Propeta ﷺ: (Kayo ay mga anak ni Adam, at si Adam ay mula sa alabok.)

At kanyang sinabi: (Hindi kabilang sa atin ang sinumang nanghihikayat tungo sa pagiging panatiko, at hindi kabilang sa atin ang nakipaglaban nang dahil sa pagiging panatiko, at hindi kabilang sa atin ang sinumang namatay sa kalagayan na pagiging panatiko.)

At hindi pinaghihiwalay ng Islam ang mga tao batay sa kanilang antas sa lipunan; Hindi nito pinag-iiba ang mayaman at mahirap, ang malakas at mahina, ang magandang hitsura at pangit, gayundin ang pinuno at lingkod. Bagkus ang pamantayan sa kainaman ng tao ay ang pagkatakot sa Allah, mabuting gawain at pagiging masunurin sa Kanyang mga kautusan.

Dumaan ang isang lalaki sa Sugo ng Allah ﷺ:, kaya kanyang sinabi sa lalaki na nakaupo sa tabi niya: "Anong palagay mo sa kanya?" At sinabi ng lalaki na kabilang sa mga kagalang-galang na tao: Ito siya, sumpa man sa Allah kung nanaisin niyang mamanhikan ay ikakasal siya, at kung gagawin siyang tagapamagitan ay tatanggapin ang kanyang pamamagitan, kaya tumahimik ang Sugo ng Allah ﷺ. Pagkatapos ay dumaan ang isa pang lalaki, at sinabi sa kanya ng Sugo ng Allah ﷺ: "Anong palagay mo sa kanya?" At kanyang sinabi: O Sugo ng Allah, ito ay lalaki mula sa mga mahihirap na Muslim, kung siya ay mamamanhikan ay hindi siya ikakasal, at kung siya ay mamamagitan ay hindi tatanggapin ang kanyang pamamagitan, at kung siya ay magsasalita ay hindi pakikinggan ang kanyang sasabihin. Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Siya ay mas mainam kaysa sa mga tao sa mundong ito na katulad ng nauna."

At tinanggihan ng Islam ang rasismo sa pagpapatupad ng mga parusa:

Sinumang gumawa ng isang krimen ay parurusahan dahil dito, anuman ang kanyang kulay, ranggo, angkan, o pagiging malapit sa namumuno.

at sinumang tumingin sa mga pagsamba sa Islam; makikita niyang matatagpuan dito ang pakikipaglaban sa rasismo:



*SA SALAH (PAGDARASAL):* Nakatayo sa iisang linya ang maputi na sa tabi nito ay maitim, at ang arabo na sa tabi nito ay dayuhan (di-arabo), ang mahirap na sa tabi nito ay mayaman, at ang tagapamahala ay sa tabi ng manggagawa.

At ang Imaam sa Salah ay maaaring isang lalaki na mahirap na nagtatrabaho sa pinakamababang posisyon. Nagdarasal sa likod niya ang doctor, sundalo at taong may pinakamataas na posisyon; ang dahilan niyon ay walang iba kundi dahil siya ay ang pinakamarunong sa kanila sa Aklat ng Allah (Qur'an).

*SA HAJJ:* Makikita mo ang milyun-milyong mga tao, ang mayaman at mahirap, ang may mataas na kalagayan sa lipunan at mababa, ang maputi at maitim, ang arabo at dayuhan, ang mambabatas at pinapatawan ng batas, lahat sila ay sa isang lugar, sa isang panahon, sa pamamagitan ng isang kasuotan, dahil sa isang layunin, na nasa ilalim ng isang palatandaan, na sila ay nananalangin sa isang Panginoon, at sila ay sumusunod sa isang Propeta; dahil dito ay natutunaw ang pagkakaiba-iba ng wika, kulay at nasasakupan sa pagitan ng mga Muslim.

Dito mapapatunayan ang pagkakaisa sa pananampalataya at pagkakapatiran sa Islam at talikuran ang rasismo sa dakilang panahon.

*SA PAG-AAYUNO:* Makikita mong ang lahat ng mga Muslim kahit na magkakaiba ang kanilang mga antas, mga kulay at mga lahi, sila ay nag-aayuno sa isang panahon. Kapag pumasok na ang Adhaan ng Fajr ay titigil na ang lahat sa pagkain at pag-inom, at kapag pumasok naman ang Adhaan ng Magrib ay kakain na sila at iinom.

At hindi pinahihintulutan sa sinuman ang pagkain o pag-inom pagkatapos ng Adhaan ng Fajr gayundin bago mag-Adhaan ng Magrib, maging anuman ang kanyang kulay, lugar o katayuan.

Ang rasismo ay kabilang sa pagmamayabang na nagbabala mula rito ang Islam; sinabi ng Propeta ﷺ: (Hindi makakapasok sa paraiso ang sinumang sa puso niya ay mayroong kahit kasing-liit ng butil na pagmamayabang.)


At sinabi niya ﷺ: (Katiyakan na ang Allah ay nagpahayag sa akin na kayo ay magpakumbaba sa isa't isa, upang hindi maliitin ng sinuman ang iba, at hindi magmataas ang sinuman sa iba.)

Kaya ang sukatan ng pagkamainam sa pagitan ng mga tao sa Islam ay ang pagkatakot sa Allah at mabuting gawain. Hindi ang angkan na namamana at hindi rin ang iba pa na nagkakahigitan sa pamamgitan nito ang mga tao. Tulad ng sinabi ng Allah sa Qur'an: (Katiyakan ang pinakamataas sa inyo sa paningin ng Allah ay ang sinumang pinakamatakutin sa Kanya.) *Al-Qur'an 49:13.*



# Islam VS Racism





DISCOVER
AL-ISLAM

www.DiscoverAlislam.com
@AlislamDiscover

**I-CLICK ANG ICON**
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika